## Seksyon 5: Abiso ng Tulong sa Wika

*Isang piling bahagi* mula sa Patakaran 362 ng Pampublikong Kalusugan - Seksyon ng mga Pamamaraan sa Patakaran* sa Interpretasyon ng Wika, Parteng A: Abiso ng Pagkakaroon ng mga Serbisyo ng Tulong sa Wika [Availabilityof Language Assistance Services (LAS)]

> *Dapat ipaalam sa mga kliyente ang kanilang mga karapatan na 1) tumanggap ng mga serbisyo sa interpretasyon ng walang gastos (kabilang ang Interpretasyon ng Senyales na Wika [Sign Language]), 2) ma-akses ang mga serbisyo ng tagapagsalin (interpreter), at 3) maghain ng mga reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Interpretasyon.*
>
> *Itataguyod ng Pampublikong Kalusugan ang LAS sa pamamagitan ng mga karatula sa pasilidad, mga maikling mensahe (tagline), kinakailangang paglalathala (posting), at iba pang mga materyales ng pasyente.*

Sa aktuwal na pagpapatupad, ang mga abiso ay ipinapakita sa iba't ibang paraan sa aming mga pampublikong pasilidad:

- <u>Mga Polyeto at Karatula ng Iba’t ibang Wika (Multilingual Flyers and Posters):</u> Nagdidisenyo kami at namamahagi ng mga polyeto at karatula ng iba’t ibang wika sa mga tanggapan ng pampublikong kalusugan, klinika, at mga gusali ng kagawaran.
- <u>Website ng Kagawaran:</u> Ang aming website ay may nakalaang pahina para sa mga serbisyong pangwika, na may impormasyon sa iba’t ibang wika. Nagkakaloob kami ng madaling nabigasyon gamit ang mga isinalin na pindutan (button) at tagubilin, at ang aming unang pahina (homepage) ay regular na nagpapakita ng mga banner na nagtataguyod ng tulong sa wika.
  http://publichealth.lacounty.gov/language/index.htm
- <u>Mensahe Habang Naghihintay sa Telepono (On-Hold Phone Messageing):</u> Ang aming mga mensahe sa telepono habang naghihintay (on-hold) ay nagpapaalam sa mga tumatawag tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyong pangwika sa iba’t ibang wika, kasama ang mga tagubilin sa kung paano humiling ng tulong.
- <u>Bulwagan (Lobby) at mga Silid na Hintayan:</u> Nagpapakita kami ng mga poster at karatula sa iba't ibang wika tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika sa mga bulwagan at silid na hintayan sa aming mga pampublikong pasilidad.